

Safe Routes to School Racial Equity Analysis (Mga Ligtas na Ruta papuntang Paaralan na Pagsusuri sa Pagkakapanta-pantay ng Lahi)

MITHIIN SA PAGKAKAPANTAY-PANTI NG LAHI

Ang aming mithiin para sa mga bata ng paaralan ng Seattle ay masimulan ang kanilang araw nang nararanasan ang mga benepisyo ng paglalakad at pamimisikleta papunta sa paaralan, kasama na ang:

- Maging masaya
- Maging ligtas ang pakiramdam
- Pagtatatag ng mga ugnayan sa kanilang mga komunidad
- Pagdating sa paaralan na nasa oras para sa almusal at handang matuto
- Napahusay na kalusugan ng katawan at ng kaisipan

Para masuportahan ang pagsisikap ng Seattle na wasakan ang institutionalized racism at makapagtatag ng isang mas makatarungang lungsod, pinagtutuunan namin ng pansin ang mga estudyante sa mga grupong ito: ang mga komunidad ng ibang lahi, mga may mababang kita na komunidad, mga komunidad ng imigrante at refugee, mga taong may kapansanan, mga taong sumasailalim ng kawalan ng matutuluyan (homeless) o kawalan ng kasiguraduhan sa tirahan, ang komunidad ng LGBTQ, at mga kababaihan.

MGA UPDATE NG PROGRESO

Sa taong 2018, ang Pangkat ng Safe Routes to School ay:

- Lumikha ng Safe Routes to School Racial Equity Survey na sumasagot sa mga hadlang na hinaharap ng mga estudyanteng iba ang lahi kapag naglalakad at namimisikleta sa paaralan. Ang survey ay nasa 9 wika, at matatagpuan online, sa inyong mga mailbox, at sa mga pop-up na event sa inyong komunidad.
- Kapartner ang 10 mga paaralan na naglilingkod sa kahit man lang 85% ng mga estudyanteng iba ang lahi upang itaguyod ang Racial Equity Survey at para isagawa ang mga malawakang mga talakayan kasama ang mga estudyante at mga pamilya tungkol sa mga nararanasan at hamon sa kanila sa pagpunta at galing sa paaralan
- Dumalo sa higit sa 50 mga event sa komunidad na tiyak na nagsisilbi sa mga komunidad na may ibang lahi, mga imigrante, at mga refugee.
- Kapartner ang halos 40 mga organisasyon sa komunidad para itaguyod ang Racial Equity Survey, at nagsasagawa ng nakatuon na outreach tulad ng mga focus group at mga coffee chat sa higit sa 10 mga organisasyon sa komunidad
- Tumanggap ng halos 250 mga sagot sa survey mula sa mga tagapagbantay at mga high school na estudyante sa taong 2017-2018 na taon ng pasukan.
- Inayos ang aming mga pamamalakad para sa pamamahagi ng survey para maging mas accessible ang pagsali sa survey at reasonable para sa ikalawang round ng survey sa fall ng 2018.



Kami ay may pananagutan na makipagtrabaho kasama ng mga komunidad para mas mainam na maunawaan kung paano namin mapapahusay ang programa na Mga Ligtas na Ruta papuntang Paaralan para mapaglingkuran ang mga estudyante ng Seattle na iba ang lahi, sa pinakamabuting paraang posible.

NAIS NAMING MAKARINIG MULA SA INYO!

Paano namin mapapadala ito para napapadali para sa inyong mga anak na maglakad at mamisikleta sa paaralan? Muli naming binubuksan ang racial equity survey sa Setyembre ng 2018. Survey link: www.seattle.gov/transportation/srts-rea

IMPORMASYON AT MGA CONTACT

www.seattle.gov/transportation/srts-rea
 Namumuno sa Proyekto | Mitchell Lloyd | 206.256.5378 | mitchell.lloyd@seattle.gov
 Project Coordinator | Elise Rasmussen | (206) 615-1336 | elise.rasmussen@seattle.gov
 Program Manager ng Mga Ligtas na Ruta sa Paaralan | Ashley Rhead | (206) 684-7577 | ashley.rhead@seattle.gov



Seattle
 Department of
 Transportation

ANG PROSESO NG PAGSUSURI SA PAGKAKAPANTAY-PANTAY NG LAHI

Sa darating na taon, ang ating pagsusuri sa pagkakatantay-pantay ng mga lahi ay:



Kumpleto

Susuri ng mga data kung paano nating napaglingkuran ang mga komunidad sa mga nakaraan



2018

Kabilangan ng mga taong naapektuhan ng ating programa sa pamamagitan ng mga talakayan at survey

Dagdag sa halos 40 mga organisasyon sa komunidad, kami ay nakikipag-partner sa mga sumusunod na paaralan batay sa pagkakaiba-iba sa lahi at wika ng mga estudyante:

- Aki Kurose Middle School
- Bailey Gatzert Elementary
- Concord Elementary
- Dearborn Park Elementary
- Dunlap Elementary
- Rainier Beach High School
- West Seattle Elementary
- Wing Luke Elementary



Winter 2019

Kapartner ang mga komunidad na iba ang lahi para bumuo ng mga bagong estratehiya para umabot sa ating mithiin sa pagkakatantay-pantay ng lahi. Kilalanin ang mga sukatan sa pagtatasa para makita ang ating pagsulong patungo sa mithiing ito



Spring 2019

Mag-ulat pabalik sa mga komunidad

BAKIT MAHALAGA ANG SAFE ROUTES TO SCHOOL RACIAL EQUITY ANALYSIS?


Ang trabahong ito ay tuwirang tumutugon sa mga rate sa pagpasok ng mga estudyante na iba ang lahi dahil ang karamihan sa mga estudyante ng Seattle ay walang access sa mga bus ng paaralan. Ang aktibong pag-commute sa paaralan ay nauugnay rin sa mas matinding pagtagumpay sa pag-aaral, at napahusay na kalusugang pisikal at pangkaisipan.

Ang mga bilang ng mga estudyanteng naglalakad at nagbibisikleta ay malaking ang ibinaba habang ang lubusang katabaan ng mga kabataan ay halos apat na beses ang dinami nitong huling apat na dekada; ito ay hindi wastong nakaapekto sa mga komunidad ng ibang lahi.

- Ang mga Black at Latino na bata ay may mas mataas na bilang ng lubusang pagkatapa at may gawi na sila ang may pinakakaunting may access sa mga parke, laruan, o mga malalakarang kalye.
- Halos ¼ ng kabataang Black ay nakakakuha ng mas kaunti sa inirerekumandang oras ng pisikal na aktibidad sa pang-araw araw, kumpara sa 13% ng mga White na kabataan
- Sa Seattle, ang mga paaralan na may matataas na porsiyento ng mga estudyante na iba ang lahi ay mas kaunti ang bilang ng mga naglalakad at namimisikleta kaysa sa mga paaralan na may mas kaunti sa 50% na mga estudyante ng ibang lahi.

Para matamo ang aming mithiin, kailangan naming maunawaan ang mga hindi pagkakatantay-pantay sa mga bilang ng naglalakad at nagbibisikleta sa mga estudyante ng Seattle, at makipagtrabaho sa mga komunidad patungo sa mga solusyon.


Porsiyento ng Pagbibisikleta at Paglalakad ng Estudyante sa Seattle ayon sa Lahi



Ang aktibong pag-commute papuntang paaralan ay may pangmatagalan at tumatagal na mga benepisyong pangkalusugan at maaaring makapagpababa sa panganib ng pagiging lubos na mataba ng kabataan na inuugnay sa:

- cardiovascular na sakit
- diabetes
- kanser
- stroke

Ang mas pinadulas na pisikal na aktibidad ay maaari rin magresulta sa mas mahusay na kalusugang pangkaisipan at kalusugan ng katawan at pagtatagumpay sa paaralan.



Ang Safe Routes to School na programa ng Seattle ay gumagamit ng isang pamamaraan na pinamumunuan ng pagiging pantay-pantay ng lahi para mataguyod ang mas aktibong pag-commute sa mga estudyante dahil ang lahat ng mga bata ay may karapatan sa kalusugan, kaligayahan, pagtatagumpay sa pag-aaral, anuman ang kanilang lahi.